KASAGANA - KA COOPERATIVE 2016

# SIPAT-LANDAS 2017



# SIPAT-LANDAS



Ito ay ang taunang pagbibigay ulat ng Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO) na binubuo ng Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative (K-Coop), Kasagana-ka Development Center, Inc. (KDCI), at Kasagana-ka Mutual Benefit Association, Inc. (KMBA) sa mga miyembro nito. Kabilang sa mga ibinabahagi ng pamunuan ay ang kalagayang-pinansiyal, mga programa at serbisyo, at ang naging *performance* ng mga organisasyon sa nakalipas na taon gayundin ang mga plano para sa kasalukuyang taon. Ang nagbibigay ng ulat ay ang mga namumuno sa bawat organisasyon. Para sa K-Coop ay sina General Manager MeAn Ignacio at Operations Manager Dexter Flores, si Chief Operating Officer Judylyn Joven para sa KDCI, at sina General Manager Salve Antiquera at Operations Manager Evangeline Pe ang para sa KMBA.

Panahon din ito kung saan ay ipinapamalas ng mga miyembro at ng mga empleyado ang kanilang husay sa pag-awit at pagsayaw.








# K-KWENTUHAN



"Naging sandigan ko ang Kasagana-ka dahil sa K-Edukasyon Loan. Stable na ang buhay ko ngayon sa financial, pero andito pa din ako sa Kasagana-ka, ayaw kong iwanan. Salamat talaga sa Kasagana-ka, dahil sa totoo lang nakatulong ito ng malaki sa akin ... hindi ko iiwanan ang Kasagana-ka."

-**Rosie Repatocado mula sa Novaliches Satellite Office**

# K-KWENTUHAN

"Ang business ko po dati, nagta-tricycle lang po ang asawa ko, ngayon po ay may sarili na kaming taxi. Sa tulong ng Kasagana-ka nakapag-aral at nakapagtapos ang mga anak ko na ngayon ay may mga hanapbuhay na. Malaking bagay po talaga dahil good news, may susunod pa akong negosyo... sa tulong ng Kasagana-ka, matutuloy iyon."

**-Rebecca Galleza mula**
**sa Sapang Palay Satellite Office**



# K-KWENTUHAN



"Sabi ng iba, ba't ayaw mo pang umalis sa Kasagana-ka? Nakatapos na ang mga anak mo. Ang sagot ko, marami pa akong pangarap, marami pa akong gustong maabot sa buhay ko, gusto ko pang mag K-Bahay, magpataas ng bahay. Kung wala ang Kasagana-ka, di ako makakapagpatapos ng tatlong anak sa kolehiyo. Dati sa tabing-sapa lang ako [nakatira] noong sumali ako sa Kasagana-ka, napaayos ko ang bahay namin,"

**-Cleofe Francisco mula sa Taytay Satellite Office**

# K-KWENTUHAN


"Nagpapasalamat po talaga ako sa Kasagana-ka, dito lang talaga ako nagkaroon ng matiwasay na kalooban sa pangungutang... wala na akong sinalihang ibang microfinance, Kasagana-ka lang talaga. Ang sabi nga nila, tatanda ka na lang sa pangungutang diyan. Sabi ko, hindi bale ng tumanda, walang makakapigil sa akin, dahil iyan [Kasagana-ka] ang buhay ko at diyan ako nagsimula."

**-Salud Tomias mula sa**
**San Pedro Satellite Office**



Sa buong buwan ng Mayo ay sampung cluster mula sa iba't ibang lugar na sakop ng Kasagana-ka ang naging bahagi ng Sipat-Landas. Dito, maraming mga miyembro ang nagsilbing inspirasyon ng kanilang kapwa miyembro, maraming mga pangarap at panaginip ang sinimulang buuin at maraming ngiti sa labi ang naihatid ng aktibidad na ito.






**Isang karangalan ang mapasaya kayo.**

**Maraming Salamat po!**

**HUNYO 2017**